IYKYK
IF YOU KNOW YOU KNOW

# Inspiradong Paglilingkod na Pamumuno



## WARM-UP

- Ano ang isang pagsusulit, proyekto, o gawain na ginawa mo, kahit na hindi ka pa handa para dito? Ano ang nangyari?
- Magbigay ng isang tao na mas higit ang nakita sa iyo kaysa sa nakita mo sa iyong sarili at ano ang sinabi niya tungkol sa iyo?
- Magbahagi ng isang panahon kung kailan tumaas ang posisyon mo o nabigyan ka ng bagong responsibilidad. Paano nakatulong ang mga dating mong ginawa upang ihanda ka para sa mga bagong ibinigay sa iyo?

## WORD

*70-71 Pinili ng Diyos si David upang maging lingkod niya.*
*Kinuha siya mula sa pagpapastol ng tupa at ginawang*
*hari ng Israel, ang mga mamamayang kanyang hinirang.*
*72 Katulad ng isang mabuting pastol, inalagaan niya ang*
*mga Israelita nang may katapatan at mahusay silang*
*pinamunuan.* **SALMO 78:70–72**

Sa Bibliya, si David ay kilala bilang isang taong susunod sa kagustuhan ng Diyos (1 Samuel 13:14). Bagama't nagsimula siya bilang isang pastol sa murang edad, naging huwaran siya ng paglilingkod na pamumuno na ayon sa Bibliya, na may mapagpakumbabang puso at marangal na pagkatao. Ngayong linggo, pag-uusapan natin kung paano pinili ng Diyos si David at kung paano siya naging isang pinunong naglilingkod. Umaasa kami na ito ay hihikayat sa atin at sa mga susunod na henerasyon na magpasailalim sa layunin ng Diyos at sa biyaya Niyang nagdadala ng pagbabago.

## 1 Pinili ng Diyos si David upang paglingkuran Siya.

*Pinili ng Diyos si David upang maging lingkod niya. Kinuha siya mula sa pagpapastol ng tupa . . .* **SALMO 78:70**

Nagsimula sa maliit si David. Siya ang bunso sa walong anak na lalaki sa kanyang pamilya, at siya ang nag-aalaga ng mga tupa (1 Samuel 16:11). Hindi inakala ng propetang si Samuel o ng sariling ama ni David na siya ang itinalagang hari ng Israel. Ngunit itinuwid sila ng Diyos, na nagpaalala sa kanila na bagama't "*ang tao'y tumitingin sa panlabas na kaanyuan,*" Siya ay tumitingin sa puso (1 Samuel 16:7). Higit pa sa panlabas na katangian at kasikatan sa lipunan, pinili ng Diyos si David dahil sa kanyang puso. Paano inilarawan ng propetang si Jeremias ang ating mga puso (Jeremias 17:9)? Bakit napakahirap tiyakin na ang puso natin ay mananatiling dalisay o malinis?

## 2 Pinili ng Diyos si David upang magpastol sa Kanyang mga tao.

*Kinuha siya mula sa pagpapastol ng tupa at ginawang hari ng Israel, ang mga mamamayang kanyang hinirang.* **SALMO 78:71**

Nagsimula si David sa pagpapastol ng mga tupa, ngunit ang plano ng Diyos para sa kanya ay magpastol ng mga tao. Bago pa man ito, nabigyan na si David ng mga kagamitan na kakailanganin niya para marating ang itinalaga para sa kanya ng Diyos. Hinubog ng Diyos ang kakayahan at katangian ni David. Si Saul, na hari noong panahong iyon, ay hindi sinasadyang kinuha ang magiging hari sa kanyang paglilingkod dahil si David ay bihasa sa pagtugtog ng alpa. Nang harapin ni David si Goliat, hindi siya natakot at ipinahayag niya nang may pananampalataya na, "*Ang PANGINOON na nagligtas sa akin sa mga leon at oso ang siya ring magliligtas sa akin sa kamay ng Filisteong iyon*" (1 Samuel 17:37). Pinatumba niya si Goliat sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, at hindi sa sarili niyang kakayahan. Ito rin ang paraan kung paano niya pinamunuan ang mga mamamayan ng Diyos bilang hari.

Naranasan mo na bang balikan ang mga nangyari sa iyong buhay na nakatulong upang maunawaan mo kung bakit kailangang mangyari ang ilang mga bagay? Sa palagay mo, paano ka inihahanda ng Diyos para sa mga susunod Niyang ipapagawa sa iyo? Paano inihahanda ng Diyos ang mga susunod na henerasyon para sa mga ipapagawa Niya sa kanila?

## 3 Pinastol ni David ang mga tao ng Diyos nang may matuwid na puso at mahusay na mga kamay.

*Katulad ng isang mabuting pastol, inalagaan niya ang mga Israelita nang may katapatan at mahusay silang pinamunuan.*
**SALMO 78:72**

Dahil pinili at hinubog ng Diyos si David, nagawa niyang pamunuan ang mga mamamayan ng Diyos. Higit sa lahat, hinayaan ni David na pamunuan siya ng Diyos habang pinamumunuan niya sila. Ang salitang matuwid ay nangangahulugang dalisay o malinis, perpekto, at inosente. Hindi ito nangangahulugan na si David ay perpekto; sa katunayan, siya ay nagkasala laban sa Diyos nang higit sa isang beses. Ngunit, palagi siyang tumutugon nang may pagpapakumbaba at may pusong nagsisisi. Ang pagiging matuwid ay nangangahulugan na pinamunuan ni David ang mga mamamayan ng Diyos nang walang personal na kapakinabangan. Bukod sa pagtingin at paghubog sa puso ni David, biniyayaan din ng Diyos si David ng mahusay na mga kamay. Ang ating mga puso ay dapat na madaling turuan at mapagpakumbaba rin. Dapat nating patuloy na hayaang pamunuan tayo ng Diyos, habang pinamumunuan natin ang iba. Ano ang tungkulin natin sa pagtatatag ng mga pinunong mapaglingkod? Paano tayo maniniwala at mamumuhunan sa susunod na henerasyon?

## APPLICATION

- Pag-isipan ang mga pagkakataong hinusgahan mo ang iba batay sa pisikal na katangian o anyo. Maglaan ng ilang oras ngayong linggo upang hilingin sa Diyos na makita mo ang mga tao ayon sa Kanyang mga mata at makipag-ugnayan sa iba nang walang kinikilingan o paborito, tulad ng ginawa ni Jesus. Pag-isipan din kung paano mo mahihikayat ang susunod na henerasyon na gawin ito.

- Ang mga taon na mag-isa si David sa pagpapastol ay humubog sa kanya na maging isang lalaking may matuwid na puso at mahusay na mga kamay. Paano ka hinuhubog ng Diyos sa panahong ito? Simula ngayon, paano magbabago ang iyong pananaw tungkol sa iyong kinabukasan?

- Kahit gaano ka pa kabata, may susunod na henerasyon na maaari mong hikayating mamuno nang naglilingkod. Ano ang maaari mong simulang gawin upang magtiwala at mamuhunan sa susunod na henerasyon?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapatatag sa iyo upang ihanda ka para sa Kanyang layunin. Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng mga kakayahan at ng tamang puso upang gawin ang Kanyang kalooban.

- Kilalanin na lahat ng mayroon ka at lahat ng iyong nagawa ay dahil sa Diyos. Magpasalamat sa Diyos sa lahat ng biyaya Niya sa iyo—nakikita o nahahawakan man ang mga ito o hindi.

- Maniwala na sa pamamagitan ng biyaya at lakas ng Diyos, mabibigyang-inspirasyon mo ang susunod na henerasyon tungo sa paglilingkod na paraan ng pamumuno. Ipanalangin na mamahalin ng susunod na henerasyon ang Diyos at aakayin nila ang iba patungo sa Kanya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Ruth Gloria, Kriscel Wee

victory.org.ph